

# BARUC

Kabilang ang aklat ni Baruc sa mga huling isinulat na mga aklat ng Biblia. Sinulat ito sa huling dantaon bago kay Kristo sa isa sa mga pamayanan ng mga Judiong nasa labas ng Palestina.

Tinitipon nito ang ilang tekstong maaaring makatulong sa mga Judiong nagkawatak-watak:

– isang "panalangin ng mga itinapon" na nagpasidhi sa kanilang pananabik sa Lupang Banal.

– isang magandang tula tungkol sa karunungan (3:9-4:4)

– ilang mga inspiradong teksto mula sa mga propeta ng pagkatapon

– isang "sulat ni Jeremias", na kontrobersiyal na teksto laban sa mga diyus-diyusan (Bar 6).

Dahil may ilang talata ritong nasusulat sa estilo ni Jeremias, ipinalagay na si Baruc na sekretaryo (tingnan ang Jer 36) ni Jeremias ang sumulat ng aklat na ito.

**Dalangin ng mga itinapon**

**1** 1 Ito ang mga salita sa aklat na sinulat ni
Baruc, na anak ni Nerias, na anak ni
Maasias, na anak ni Sedekias, na anak ni Sedei
na anak ni Helkias. 2 Isinulat iyon sa Babilonia sa
ikapitong araw ng buwan sa ikalimang taon,
pagkatapos na sakupin at sunugin ng mga
Kaldeo ang Jerusalem.
3 Binasa ni Baruc ang mga salita sa aklat na
ito kay Yeconias, na anak ni Yoakim, na hari ng
Juda, sa harapan ng buong bayan na dumating
upang pakinggan ang pagbasa niyon. 4 Naroon
ang mga maharlika at mga anak ng mga hari,
ang matatanda at lahat ng taong-bayan, mula
sa pinakahamak hanggang sa pinakadakila –
lahat ng naninirahan sa Babilonia sa malapit sa
Ilog Sudi.
5 At nanangis sila, nag-ayuno at nanalangin
sa harapan ng Panginoon. 6 Lumikom din sila ng
salapi batay sa makakaya ng bawat isa 7 at
ipinadala nila ito sa Jerusalem, sa paring si
Yoakim, na anak ni Helkias, na anak naman ni
Salom, at sa iba pang mga pari at sa lahat ng
bayang kasama niya sa Jerusalem.
8 (Ang Baruc na ito ang bumawi ng mga banal
na sisidlang ipinagawa ni Sedekias, anak ni
Yosias, na hari ng Juda, makaraang nakawin
mula sa Templo. At ibinalik niya ang mga iyon
sa Judea sa ikasampung araw ng buwan ng
Sivan, 9 matapos ipatapon ni Nabucodonosor,
na hari ng Babilonia, si Yeconias, ang mga
pinuno, mga panday, mga maharlika at mga
taong-bayan na dinalang bihag sa Babilonia.)
10 Sinabi ng liham: "Narito ang salaping pa-
dala namin; ipambili ninyo ito ng mga susunu-
ging handog at handog na pantubos sa kasa-
lanan, at ng kamanyang; maghanda ng pang-
alay at ihandog iyon sa altar ng Panginoong
ating Diyos. 11 Ipanalangin ninyo ang buhay ni
Nabucodonosor, na hari ng Babilonia, at ng
kanyang anak na si Baltasar, upang matagum-
pay sila sa lahat nilang gawain. 12 Sa gayon pa-
lalakasin kami ng Panginoon at liliwanagan ang
ating mga mata. Mamumuhay tayong naliliman
ni Nabucodonosor, na Hari ng Babilonia, at ng
kanyang anak na si Baltasar. Hahaba ang ating
buhay sa paglilingkod natin sa kanila sa ma-
habang panahon at kaaawaan nila tayo.

13 Manalangin din kayo para sa atin sa Pangi-
noong ating Diyos sapagkat nagkasala tayo sa
kanya at hindi pa naaalis sa atin ang poot ng
Panginoon at ang tindi ng kanyang galit. 14 Ba-
sahin ninyo itong aklat na ipinadadala namin sa
inyo upang mabasa sa harap ng bayan sa Bahay
ng Panginoon sa araw ng Kapistahan at sa iba
pang angkop na araw.

15 Sabihin ninyo: Makatarungan ang ating
Diyos lamang, at kahihiyan at kalituhan naman
ang nararapat sa taga-Juda at taga-Jerusalem
sa araw na ito – 16 sa ating mga hari at prinsipe,
sa ating mga pari, mga propeta at sa ating mga
ninuno, 17 sapagkat nagkasala tayo sa Pangi-
noon. 18 Sinuway natin siya at hindi pinakinggan
ang tinig ng Panginoong ating Diyos; hindi rin
sinunod ang mga utos na iniharap sa atin.
19 Mula sa araw nang ilabas ng Panginoon ang
ating mga ninuno buhat sa lupain ng Ehipto
hanggang sa panahong ito, sinusuway natin ang
Panginoong ating Diyos at nagpabaya tayo na
pakinggan ang kanyang tinig.

20 Dahil dito kumapit sa atin ang mga kasa-
maan at sumpang ipinahayag ni Yawe sa bibig
ni Moises na kanyang lingkod nang araw na
ilabas ng Panginoon ang ating mga ninuno mula
sa lupain ng Ehipto upang bigyan sila ng lupaing
umaapaw sa gatas at pulot-pukyutan. Ito ang
ating kalagayan ngayon. 21 Hindi rin natin pina-
kinggan ang tinig ng Panginoong ating Diyos na
nagsalita sa pamamagitan ng mga propeta na
sinugo niya sa atin. Sinunod ng bawat isa sa atin
ang kanyang pusong balakyot, pinaglingkuran
ang mga diyus-diyusan at ginawa ang masama
sa paningin ng Panginoong ating Diyos."

**2** 1 Kaya tinupad ng Panginoong ating Diyos
ang salitang ipinahayag niya laban sa atin,
laban sa mga hukom na namahala sa Israel,
laban sa ating mga hari, mga pinuno at mga
taong-bayan ng Israel at Juda.

2 Walang nagawa sa silong ng langit na ma-
katutulad sa ginawa niya sa Jerusalem, kagaya
ng nasusulat sa aklat ni Moises. 3 Kinain pa natin
ang laman ng ating mga anak na lalaki at babae.
4 At ibinigay tayo sa kapangyarihan ng lahat ng
nakapaligid na kaharian, at naging halimbawa
tayo ng sumpa at kasawiampalad sa mga ka-
lapit-bansa na pinagkalatan sa atin ng Pangi-
noon. 5 Pinangibabawan tayo, sa halip na ma-
ngibabaw, sapagkat nagkasala tayo sa Pangi-
noong ating Diyos at hindi natin pinakinggan
ang kanyang tinig.

6 Makatarungan ang Panginoong ating Diyos,
subalit kahihiyan ang nararapat sa atin ngayon
at sa ating mga ninuno. 7 Sumapit sa atin ang
lahat ng kasamaang ipinahayag na ng Pangi-
noon laban sa atin. 8 At hindi man lamang natin
ipinanalangin sa Panginoon na patalikurin tayo
sa ating masasamang niloloob. 9 Kaya ipinag-
laan tayo ng Panginoon ng mga kasamaang ito
at pinabayaang bumagsak sa atin, sapagkat
makatarungan ang Panginoon sa lahat ng ipi-
nag-utos na gawin natin. 10 Hindi natin pina-
kinggan ang kanyang tinig; hindi natin sinunod
ang mga utos na iniatas sa atin ng Panginoon na
sundin.

11 At ngayon, Panginoong Diyos ng Israel,
ikaw na naglabas sa iyong bayan mula sa Ehipto
sa iyong malakas na kamay, kalakip ng mga
himala at kababalaghan at malaking kapang-
yarihan, ikaw na nag-unat ng iyong braso at
nabantog na tulad ngayon – 12 nagkasala kami.
Mga lapastangan kami, Panginoon, at di-ma-
katarungan, nagwalang-bahala sa lahat ng
iyong mga utos. 13 Lumayo nawa sa amin ang
iyong galit, sapagkat ilan na lamang kaming
nalalabi sa mga bansang pinagkalatan mo sa
amin.

14 Pakinggan mo ang aming pagsamo at
panalangin, O Panginoon. Iligtas mo kami para
sa iyong karangalan at gawin mo kaming kalu-
gud-lugod sa mga nagtapon sa amin. 15 Ipaalam
mo sa buong daigdig na ikaw ang Panginoong
aming Diyos sapagkat dinadala ni Israel at ng
kanyang lahi ang iyong ngalan. 16 Panginoon,
tumingin ka mula sa iyong banal na tirahan at
isaisip mo kami; Panginoon, ikiling mo ang
iyong tainga at makinig; 17 Panginoon, imulat
mo ang iyong mga mata at isaalang-alang: hindi
ang mga patay na nakahimlay sa kaharian sa
ilalim ang magpupuri sa iyong luwalhati at ka-
tarungan, yamang inagaw na ang hininga mula
sa kanilang dibdib. 18 Higit na ang magpupuri sa
iyo ay ang mga taong nagdadalamhati dahil sa
mabigat nilang pasanin, naglalakad na nakatu-
ngo at hapung-hapo, yuko at mahina ang loob,
may malabong mata at nagugutom na kalu-
luwa. Sila ang makakakilala ng iyong luwalhati
at katarungan, O Panginoon.

19 Hindi kami sumasandig sa kabutihang
ginawa ng aming mga ninuno at ng aming mga
hari sa paghingi ng awa sa iyong harapan, O
Panginoong aming Diyos. 20 Ibinagsak mo sa
amin ang iyong galit at poot, tulad ng ipina-
hayag ng iyong mga lingkod na mga propeta na
nagsabi: 21 "Sinasabi nga ng Panginoon:
*Yumuko kayo at maglingkod sa hari ng Babilo-
nia* at maninirahan kayo sa lupaing ipinagka-
loob ko sa inyong mga ninuno. 22 Ngunit kung
hindi kayo makikinig sa utos ng Panginoon na
paglingkuran ang Hari ng Babilonia, 23 *wawaka-
san ko*

*ang awitin ng galak at tuwa sa mga bayan ng Juda at sa Jerusalem, gayundin ang awit ng mga bagong-kasal, at ang buong bayan ay magiging disyertong walang naninirahan.* 24 Hindi namin pinakinggan ang iyong paanyayang paglingkuran ang hari ng Babilonia, kayat tinupad mo ang iyong ipinahayag sa pamamagitan ng iyong mga lingkod, na mga propeta, na kukunin mula sa kanilang mga libingan ang kalansay ng aming mga hari at mga ninuno. 25 *At nalantad sila sa init ng araw at lamig ng gabi.* Namatay ang mga tao sa matinding paghihirap, sa gutom, sa tabak at salot. 26 At ang tahanang nagdadala ng iyong pangalan ay ginawa mong guho hanggang ngayon dahil sa kasamaan ng sambahayan ng Israel at ng Juda.

27 Gayunman, pinakitunguhan mo kami, O Panginoong aming Diyos, nang may kagandahang-loob at malaking kabaitan, 28 tulad ng ipinahayag mo sa pamamagitan ng iyong lingkod na si Moises nang araw na atasan mo siyang isulat ang iyong Batas sa harapan ng mga anak ng Israel. Sinabi nga niya: 29 Kapag hindi ninyo pinakinggan ang aking tinig, ang malaki at napakaraming pulutong na ito ay mauuwi sa isang maliit na labi sa gitna ng mga bansang pagkakalatan ko sa kanila. 30 Alam kong hindi nila ako pakikinggan dahil sa sila'y mga taong matigas ang ulo. Ngunit magbabalik-loob sila sa lupaing pagtatapunan sa kanila, 31 at malalaman nilang ako ang Panginoong kanilang Diyos. 32 At pagkakalooban ko sila ng puso at mga taingang nakaririnig. Pupurihin nila ako sa lupaing pinagtapunan sa kanila at aalalahanin nila ang aking pangalan. 33 Wala na silang katigasan ng ulo; tatalikod sila sa masasamang gawain sapagkat magugunita nila kung ano ang nangyari sa kanilang mga ninuno na nagkasala sa harap ng Panginoon. 34 Aakayin ko sila sa lupaing matibay kong ipinangako sa kanilang mga ninuno, kina Abraham, Isaac at Jacob. Aangkinin nila iyon at pararamihin ko ang kanilang bilang at hindi na sila malilipol. 35 Gagawa ako sa kanila ng isang tipan na walang hanggan; ako ang magiging Diyos nila at sila ang aking magiging bayan. Hindi ko na itataboy ang aking bayang Israel mula sa lupaing ipinagkaloob ko sa kanila.

**3** 1 Makapangyarihang Panginoon, Diyos ng Israel, isang kaluluwang nagdadalamhati at espiritung balisa ang tumatawag sa iyo. 2 Makinig ka, Panginoon, at mahabag sapagkat nagkasala kami sa iyo. 3 Naghahari ka magpakailanman samantalang nasasawi kaming walang tigil. 4 Panginoon, Makapangyarihang Diyos ng Israel, pakinggan mo naman ang mga panalangin ng mga patay ng Israel. Kami ang mga anak ng mga nagkasala sa iyo, na hindi nakinig sa tinig ng kanilang Diyos, kaya nga binagsakan kami ng kapahamakan. 5 Huwag mo nang alalahanin ang mga pagkakamali ng aming mga ninuno, ngunit alalahanin mo, sa panahong ito, ang iyong kapangyarihan at pangalan. 6 Ikaw ang Panginoong aming Diyos at pupurihin ka namin, Panginoon. 7 Kaya nga inilagay mo ang iyong takot sa aming mga puso ay upang tawagin namin ang iyong pangalan. At pupurihin ka namin sa aming pagkakatapon sapagkat inialis namin sa aming mga puso ang lahat ng kasamaan ng aming mga ninuno na nagkasala sa iyo. 8 Narito pa kami sa aming pagkatapon, sa pinagkalatan mo sa amin at ginawa mo kaming halimbawa ng sumpa, ng kasawiampalad at paghatol dahil sa mga pagkakamali ng aming mga ninuno, na lumayo sa Panginoong aming Diyos.

**Sino ang nakatagpo ng karunungan?**

• 9 Makinig ka, Israel, sa mga utos ng buhay,
makinig ka upang matuto ng kaalaman.

10 Bakit ka nasa lupain ng iyong mga kaaway,
O Israel? Bakit ka tumatanda sa isang bansang banyaga; bakit nadurungisan ka ng mga pagano
11 at nabibilang sa mga patay?

12 Sapagkat tinalikuran mo ang bukal ng karunungan.

13 Kung nilakaran mo ang daan ng Diyos,
kapayapaan ang pananahanan mo magpakailanman.

14 Pag-aralan mo kung nasaan ang kahinahunan, ang Lakas at Pang-unawa,
upang malaman mo rin kung nasaan ang habambuhay,
ang liwanag ng mata at kapayapaan.

15 Sino ang makatatagpo sa tahanan ng karunungan?

---

• **3.9** Ginugunita ng tulang ito sa ilang mga bahagi ang kabanata 28 ng Job.

Kinakausap ng sumulat ang mga nananampalatayang hangang-hanga sa kultura at materyal na kayamanan ng mga paganong kalugar nila. Ipinaaalaala niya sa mga ito na ang tunay na karunungan ng tao ay hindi puro kaalamang tekniko lamang, ni ang sining ng pagkakamal ng salapi, ni pawang pagninilay lamang ng tao. Ang karunungan ay malaman ang balak ng Diyos sa paglikha sa mundong ito, at kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao.

Natagpuan ng Judiong nananampalataya ang tunay na karunungan sa mga salita ng Diyos, sa kanyang "Batas." Nalalaman naman ng Kristiyano na ang karunungang naghahari sa sanlibutan ay walang iba kundi ang karunungang nalalahad sa mga salita at katauhan ng kanyang Anak na si Jesus.

Sino ang papasok sa kanyang kabang-
yaman?
16 Nasaan na ang mga pinuno ng mga bansa,
ang mga nakapangyari sa mababangis na
hayop,
17 at nakipaglaro sa mga ibon sa langit,
nag-imbak ng pilak at ginto – na sinandigan
ng mga tao
at hindi na nahapo sa pagtitipon nito?
18 Nasaan ang mga mag-aalahas
na di mawari ang kahusayan
19 Wala na sila; bumaba sa mga patay
at may ibang humalili sa kanila.
20 Nasisiyahan sa liwanag ang bagong salin-
lahi,
ang mga nasa lupa ngayon,
ngunit hindi pa nila talos ang daan ng kaala-
man
21 upang matagpuan ito.
Hindi siya nakuha ng kanilang mga anak
malayo siya sa kanilang mga landas.
22 Walang nabalitaan sa Kanaan tungkol sa
karunungan, walang sinumang nakakita sa
kanya sa Teman.
23 Ang mga anak ni Agar, na naghahanap sa
makalupang kaalaman,
ang mga mangangalakal ng Median at
Teman,
ang mga nagsasalita sa mga bugtong at ang
mga pilosopo –
hindi nila alam ang landas ng karunungan,
hindi pa nila natuklasan ang kanyang mga
landas.
24 O Israel, anong dakila ng bahay ng Diyos,
anong lawak ng kanyang saklaw!
25 Malaki iyon at walang hangganan,
mataas at hindi masukat.
26 Isinilang doon ang matatanda at tanyag na
mga higante
mataas ang katayuan at bihasa sa digmaan.
27 Subalit hindi sila pinili ng Diyos,
hindi sila tinuruan ng landas ng kaalaman,
28 at nalipol sila dahil sa kawalan ng hinahon,
nalipol sila sa kanilang kahangalan.
29 Sino ang umakyat sa kalangitan at nagha-
wak sa karunungan
at nagbaba sa kanya mula sa mga ulap?
30 Sino ang nakatawid na sa dagat at natag-
puan siya,
at binili siya ng pinakalantay na ginto?
31 Wala sinumang nakaaalam sa kanyang
landas,
wala sinumang nakakaunawa sa kanyang
daan.
32 Kilala siya ng nakaaalam ng lahat;
nasuri na siya ng kanyang sariling talino.
Siya na naghanda sa lupa nang pangha-
bampanahon,
at pinuno iyon ng mga hayop,
33 Siya na nagsusugo sa liwanag at ito nama'y
pumupunta
sa tumatawag at nanginginig na tumatalima.
34 Kumislap ang mga bituing magalak na
nagtatanod,
at pagtawag niya ay nagsisisagot: 'Narito
kami,'
at nagniningning sa galak para sa kanilang
Maykapal.
35 Siya nga ang ating Diyos,
walang maaaring ihambing sa kanya.
36 Lubusan niyang sinuri ang landas ng ka-
alaman
at ipinagkatiwala niya ito sa Jacob, na kan-
yang lingkod,
at sa kanyang minamahal na Israel.
37 Kaya napakita na sa lupa ang Karunungan
at nakitungo siya sa mga tao.

**4** 1 Siya mismo ang Aklat ng mga utos ng
Diyos,
ang Batas na mananatili magpakailanman.
Mabubuhay ang lahat ng humahawak sa
kanya
at mamamatay naman ang tumatalikod.
2 Bumalik ka, Jacob, at kunin mo siya,
lumakad kang patungo sa liwanag at sa ning-
ning niya.
3 Huwag mong ipaubaya sa iba ang iyong
luwalhati
huwag mong ipagbili ang iyong mana sa
bansang banyaga.
4 Mapalad tayo, O Israel:
nahayag sa atin ang ikinalulugod ng Pangi-
noon!

**Pag-aliw sa Jerusalem**

5 Lakasan mo ang iyong loob, aking bayan,
kayong nalabi ng Israel. 6 Ipinagbili kayo sa mga
bansa hindi upang malipol; ginalit ninyo ang
Diyos, kaya ibinigay kayo sa kamay ng inyong
mga kaaway. 7 Ginalit ninyo ang inyong Lu-
mikha nang maghandog kayo sa mga demonyo
at hindi sa Diyos. 8 Kinalimutan ninyo ang
walang-hanggang Diyos na nagpakain sa inyo.
Pinuno ninyo ng kalungkutan ang Jerusalem na
nag-aruga sa inyo. 9 Pagkakita niyang bumag-
sak sa inyo ang galit ng Diyos, sinabi niya:
'Makinig kayo, mga karatig-lunsod ng Sion,
pinadalhan ako ng Diyos ng matinding dalam-
hati. 10 Nakita kong binihag ang aking mga anak
na lalaki at babae, na ipinadala ng Walang-
hanggan sa kanila. 11 Inaruga ko sila sa gitna ng

tuwa; nakita ko silang umalis, lakip ang luha
at kalungkutan. 12 Huwag magbunyi ang
sinuman sa aking pagiging biyuda na ti-
nalikuran na ng lahat. Dahil sa kasalanan ng
aking mga anak, nag-iisa ako ngayon sapagkat
tinalikuran na nila ang Batas ng Diyos.
13 Hindi sila tumalima sa mga alituntunin
niyon; ni lumakad sa landas ng kanyang mga
utos, at ng disiplinang taglay ang katarungan.
14 Lumapit kayong mga karatig ng Sion, at
alalahanin ang pagkabihag na inilapat ng Wa-
lang-hanggan sa aking mga anak na lalaki at
babae.
15 Sapagkat ipinadala niya laban sa kanila
ang isang malayong bansa, isang bansang
walang-habag at may wikang banyaga.
Wala silang paggalang sa matatanda, at
walang habag sa mga sanggol; 16 inagaw nila
ang mahal na lalaking anak ng biyuda, gayundin
ang kanyang mga dalaga, at iniwan siyang nag-
iisa.
17 Paano ko kayo matutulungan? 18 Siya na
nagpadala ng mga kasamaang ito sa inyo ang
magliligtas sa inyo mula sa kamay ng inyong
mga kaaway.
19 Humayo na kayo sa inyong landas, mga
anak ko, at ako naman ay maiiwang mag-isa.
20 Hinubad ko na ang kasuutan ng kapayapa-
paan at isinuot ang sako ng pagpapakasakit.
Habambuhay akong tatawag sa Kanya na Wa-
lang Hanggan.
21 Lakasan ninyo ang inyong loob, mga anak
ko, at tumawag sa Diyos. Ililigtas niya kayo sa
karahasan ng kaaway.
22 Mula sa Kanya na Walang-hanggan ang
maaasahan kong pagliligtas sa inyo; inaliw na
ako ng Banal sapagkat malapit na niyang ipa-
kita sa inyo ang kanyang habag.
23 Sa gitna ng luha at pagluluksa, nakita ko
kayong umalis, ngunit sa gitna ng galak at tuwa
ay ibabalik kayo sa akin ng Diyos magpakai-
lanman.
24 Kung paano nakita ng mga karatig ng Sion
ang inyong pagkabihag, gayundin nila makikita
kaagad ang inyong kaligtasan na nanggagaling
sa Diyos, kasama ang dakilang luwalhati at
ningning ng Walang-hanggan.
25 Mga anak, pagtiisan ninyo ang kaparusa-
hang dumating sa inyo mula sa Diyos. Inusig
kayo ng kaaway, ngunit malapit na ninyong
makita ang kanyang pagbagsak at yuyurakan
ninyo siya.
26 Lumakad sa baku-bakong landas ang
aking mga minamahal na tinangay tulad ng
isang kawan na ninakaw ng mga kaaway. 27 La-
kasan ninyo ang inyong loob, mga anak ko, at
tumawag kayo sa Diyos, sapagkat aalalahanin
kayo ng nagdala sa inyo sa pagkakatapon.
28 Kaya kung paano kayo nagpasyang lu-
mayo sa Diyos, bumalik kayo sa kanya at ha-
napin siya nang makasampung ibayo. 29 Sa-
pagkat siya na nagpadala sa inyo ng mga kasa-
maang ito ay siya ring magliligtas sa inyo at
magdadala ng kaligayahang walang-hanggan.
30 Lakasan mo ang iyong loob, Jerusalem.
Siya na nagpangalan sa iyo ang aaliw sa iyo.
31 Sumpain ang gumawa ng masama sa iyo at
nagalak sa iyong pagbagsak. 32 Sumpain ang
mga lunsod na umalipin sa iyong mga anak;
sumpain ang bansang kailangang panirahan
nila.
33 Kung paanong nagalak ang bansang iyon
sa iyong pagbagsak at nasiyahan sa iyong
pagguho, gayundin ang kanyang sasapitin at
pagkawasak.
34 Aagawin ko sa kanya ang galak ng isang
mataong lunsod; mauuwi sa pagluluksa ang
kanyang kapalaluan.

• 35 Bababa sa kanya ang isang apoy mula
sa Walang-hanggan at magdiringas iyon nang
maraming araw. Pananahanan siya ng mga
demonyo sa matagal na panahon.
36 Jerusalem, tumingin ka sa silangan, at
pagmasdan ang galak na dumarating sa iyo
mula sa Diyos.
37 Tingnan mo't dumarating na ang iyong
mga anak na nagsipangalat. Sama-sama silang
bumabalik mula sa Silangan at sa Kanluran, sa
utos ng Banal, at pinagpapala sila ng luwalhati
ng Diyos.

5 1 Jerusalem, hubarin mo ang iyong kasu-
utan ng pagluluksa at dalamhati, isuot mo
ang kagandahan ng luwalhati ng Diyos magpa-
kailanman.
2 Balutin mo ang iyong sarili sa kabanalan na
nanggagaling sa Diyos, iputong mo sa iyong ulo
ang kaluwalhatian Niya na Walang-hanggan.
3 Sapagkat ipakikita ng Diyos ang iyong ka-
ningningan saanman sa ilalim ng Kalangitan.
4 Tatawagin ka niya magpakailanman: "Ka-
payapaan sa Katarungan" at "Luwalhati sa Ta-
kot sa Panginoon."

---

• **4.**35 Pagkatapos ng mga panaghoy sa mga bersikulo 5-35, pansinin natin ang pagtatapos na puno ng pag-asa at galak (4:36-5:9), na katulad ng mga kabanata 60-62 ng Isaias.

5 Bumangon ka, Jerusalem, tumindig sa ka-
itaasan. Tumingin kang pa-Silangan at masdan
mong nagkakatipon ang iyong mga anak, mula
sa paglubog ng araw hanggang sa pagsikat
niyon, sa tinig ng Banal; masaya sila sapagkat
inalaala sila ng Diyos.
6 Iniwan ka nilang lakad, tangay ng kaaway.
Aakayin silang pabalik ng Diyos, maluwalhating
pasan tulad ng mga batang hari.
7 Sapagkat itinakda na ng Diyos na ibaba
ang bawat mataas na bundok at ang walang-
hanggang kaburulan, punuin ang mga lambak
at patagin ang lupa, upang makalakad nang
ligtas ang Israel na kasama ang Luwalhati ng
Diyos.
8 Pati ang mga kagubatan at ang mababa-
ngong punungkahoy ay magbibigay ng lilim sa
Israel sa utos ng Diyos. 9 Sapagkat aakayin ng
Diyos ang Israel na may kagalakan sa liwanag
ng kanyang Kaluwalhatian, kasama ang kan-
yang habag at katarungan.

**Ang sulat ni Jeremias**

**6** • *Ito ang kopya ng liham na ipinadala
ni Jeremias sa mga bihag na itatapon sa
Babilonia ng hari ng Babilonia, upang ipaalam
sa kanila ang mga itinagubilin ng Diyos sa
kanya.*
1 Dahil sa mga kasalanang ginawa ninyo la-
ban sa Diyos, dadalhin kayo sa Babilonia bilang
bihag ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia.
2 Pagdating ninyo sa Babilonia, mananatili kayo
roon nang maraming taon – nang mahabang
panahon, hanggang pitong salinlahi; ngunit
pagkatapos ay iuuwi ko kayo sa gitna ng kapa-
yapaan.
3 Sa Babilonia, makakakita kayo ng mga
diyus-diyusang pilak, ginto at kahoy, pasan ng
mga tao, at kinasisindakan ng mga pagano.
4 Mag-ingat kayo! Huwag ninyong tularan ang
ginagawa ng mga dayuhan at huwag kayong
patatakot sa mga diyus-diyusan 5 kapag nakita
ninyong nagsisiksikan ang mga tao sa harapan
at likuran upang sambahin ang mga ito. 6 Sa
halip ay sabihin ninyo sa inyong sarili: 'Pangi-
noon, ikaw ang dapat naming sambahin.' Ka-
sama ninyo ang aking anghel upang pangala-
gaan ang inyong buhay.
7 Pinakinis ng manggagawa ang dila ng mga
diyus-diyusan, at kahit na yari sa ginto at pilak,
kabulaanan pa rin iyon sapagkat hindi maka-
pangusap. 8 Tulad ng pag-aayos sa isang dala-
gang gustong magpaganda, gumagawa ng mga
gintong korona ang mga pagano para sa mga
diyus-diyusang ito. 9 Gayunman, paminsan-
minsan ay ninanakaw ng mga pari ang ginto at
pilak mula sa kanilang mga diyus-diyusan, para
sa kanilang sariling kapakanan at sa mga
babaeng bayaran sa kanilang templo.
10 Dinadamitan man nila na kagaya ng mga
tao, ang mga diyus-diyusang ito na yari sa ginto,
pilak at kahoy, ay hindi makapagsanggalang ng
sarili laban sa kalawang o anay. 11 Kayat ma-
tapos silang suotan ng kulay-ube, pinupunasan
ang kanilang mukha dahil sa makapal na
alikabok sa templo na bumabalot sa kanila.
12 May hawak na setro ang diyus-diyusan,
tulad ng gobernador ng isang probinsiya, ngunit
hindi niya mapatay ang nagkasala sa kanya.
13 May hawak siyang espada at palakol sa ka-
nang kamay, ngunit wala siyang magawa sa
digmaan o sa mga magnanakaw. 14 Pinatutu-
nayan nito na hindi sila diyos; huwag ninyo
silang katakutan.
15 Walang kabuluhan kaninuman ang isang
basag na palayok. Gayundin ang mga diyus-
diyusang ito na inilalagay sa kanilang templo.
16 Ang kanilang mga mata ay puno ng alikabok
na ikinakalat ng mga pumapasok. 17 Isinasara at
ikinakandado ng mga pari ang mga pinto ng
templo at baka pasukin ng mga magnanakaw
ang mga ito: waring mga pintong maingat na
ipinipinid sa isang taong nagkasala sa hari o sa
isang hinatulan ng kamatayan. 18 Nagsisindi sila
para sa diyus-diyusan ng mga ilawang higit na
marami kaysa para sa kanilang sarili, ngunit
wala ni isang makita ang diyus-diyusan. 19 Tulad
lamang siya ng mga haligi ng templo, at ibi-
nubulong ng ilan na kinain na raw ng anay ang
nasa loob; kinakain na ng uod na galing sa lupa
ang diyus-diyusan at ang kanyang kasuutan,
ngunit wala siyang nararamdaman. 20 Nangi-
ngitim na ang kanilang mga mukha dahil sa
usok sa templo. 21 Dumadapo ang mga kuwago,
mga langay-langayan at iba pang ibon sa
kanilang ulo at balikat, at humahapon din ang
mga pusa. 22 Kaya alam ninyo na hindi sila mga
diyos: huwag matakot sa kanila.
23 Kapag hindi inalis ang kalawang sa gintong
palamuti nila, hindi sila magniningning. Kahit
noong imolde sila ay wala silang naramdaman.
24 Maaaring binili sila sa mataas na halaga,
ngunit wala pang hininga ng buhay sa kanila.
25 Sa pagpasan sa kanila ng mga tao dahil wala
silang paa, inilalantad sa madla ang kanilang
kahihiyan. Anong laking gulo para sa mga su

• **6.**1 Binabalaan din tayo ng paglalahad na ito laban sa maling debosyon at labis na pagpapahalaga sa mga imahen.

masamba kapag sila ay nabubuwal! Kaila-
ngan pa silang ibangon. 26 Maibangon man ay
hindi naman gagalaw. Kapag nakakiling ay
hindi maituwid ang sarili. Kaya ang pag-aalay sa
kanila ay tulad ng pag-aalay sa mga patay.

• 27 Ipinagbibili ng mga pari, at napapakina-
bangan, ang mga handog. Inaasnan ng kanilang
mga maybahay ang natitira ngunit hindi bini-
bigyan ang mga dukha at walang-kaya. Maging
ang mga babaeng buntis o hindi malinis dahil
may regla ay humihipo sa mga handog. 28 Ma-
kikitang hindi sila diyos, at huwag matakot sa
kanila.
29 Paano sila matatawag na diyos? Mga babae
ang nagdadala ng handog sa mga ito na yari sa
pilak, kahoy at ginto. 30 Nananatiling nakaupo
ang mga pari sa templo, warak ang kanilang
kasuutan, inahit ang buhok at balbas at walang
takip sa ulo. 31 Umaatungal at umiiyak sila sa
harapan ng kanilang mga diyus-diyusan tulad
ng ginagawa sa handaan para sa patay. 32 Ipi-
nasusuot ng mga pari sa kanilang maybahay at
mga anak ang kasuutang kinuha sa mga diyus-
diyusan. 33 Hamakin man sila o pakitunguhan
nang wasto ay hindi sila makaganti. Hindi sila
makapagluklok o makapagpabagsak ng hari.
34 Hindi sila makapagbigay ng kayamanan o
salapi, at kapag may nanumpa sa kanila at
hindi nakatupad, hindi nila ito pinapagbaba-
yad. 35 Hindi nila masagip sa kamatayan ang
isang tao o matulungan ang mahina laban sa
makapangyarihan. 36 Hindi nila maibalik ang
paningin ng bulag o mailigtas sa paghihirap ang
sinuman. 37 Hindi nila magawang kaawaan ang
biyuda o tulungan ang ulila.
38 Tulad lamang sa mga batong tinapyas sa
bundok ang mga kahoy na ito na tubog sa ginto
at pilak at mapapahiya ang sasamba sa kanila.
39 Kaya paanong mapaniniwalaan at maipaha-
hayag ng sinuman na sila ay mga diyos?
40 Ang mga Kaldeo na rin ang nagdadala ng
kahihiyan sa kanilang diyus-diyusan. Kapag
nakakita sila ng taong hindi makapagsalita dahil
pipi, inihaharap nila ito kay Bel at isinasamo na
papagsalitain ito, na para bang nakakaunawa
ang diyus-diyusan! 41 Silang may isip ay hindi
makatalikod sa mga diyus-diyusang walang
pang-unawa! 42 Ang mga babaeng may taling
kordon sa baywang ay nakaupo sa kalye at
nagsusunog ng darak. 43 Kapag nahatak ang isa
sa kanila ng isang nagdaraan at ito ay naki-
pagtalik sa kanya, tinutuya niya ang kanyang
kasamahan na hindi napili kung kaya hindi
nalagot ang kordon niyon. 44 Lahat ng naga-
ganap sa tabi ng mga diyus-diyusan ay kabu-
laanan. Paano sila maituturing o maipahahayag
na mga diyos?
45 Binuo sila ng mga manggagawa at platero
at hindi na sila magiging anupaman liban sa
kung anong gustong gawin ng mga iyon sa
kanila. 46 Hindi nabubuhay nang matagal ang
gumawa sa kanila; kaya't paanong magiging
diyos ang likha ng kamay niyon? 47 Ang tanging
iniiwan niyon sa mga inapo ay kabulaanan at
kahihiyan.
48 Sapagkat kung dumarating ang digmaan o
iba pang sakuna, nagtatanungan ang mga pari
kung saan sila magkakanlong kasama ang
kanilang mga diyus-diyusan. 49 Paanong hindi
mapaniniwala ang sinuman na ang hindi maka-
pagliligtas sa digmaan o sakuna ay hindi diyos?
50 Patutunayan sa huli na bulaan lang ang mga
kahoy na ito na tubog sa pilak at ginto. Magiging
maliwanag sa lahat ng hari at bansa na hindi sila
diyos, ngunit likha lamang ng tao at walang
ginagawang anuman ang Diyos sa pamama-
gitan nila. 51 Mayroon pa bang hindi kumbinsido
na ang mga ito ay hindi diyos?
52 Hindi sila makapaglagay ng hari sa isang
bansa o makapagbigay ng ulan sa mga tao.
53 Wala silang kakayahang kumilala ng kataru-
ngan o magligtas ng api. Wala silang silbi, tulad
ng mga uwak sa pagitan ng langit at lupa.
54 Kapag tinatamaan ng kidlat ang kanilang
templo na yari sa kahoy at tubog sa pilak at
ginto, nakatatakas upang maligtas ang mga
pari, ngunit nasusunog ang mga diyus-diyusan
na kasama ng mga biga. 55 Hindi sila makalaban
sa hari o sa hukbo ng mga kaaway. 56 Paanong
matatanggap o mapaniniwalaan na sila ay mga
diyos?
57 Hindi makaligtas sa mga magnanakaw o
tulisan ang mga diyus-diyusang yari sa kahoy at
tubog sa pilak at ginto. Higit na makapang-
yarihan kaysa kanila ang mga tulisan at hinu-
hubaran sila ng mga ito ng kanilang ginto, pilak
at kasuutan. Hindi nila maipagtanggol ang ka-
nilang sarili.
58 Mas mabuti pang maging hari, na naka-
pagpapakita ng kapangyarihan, o kahit isang
palayok na may kabuluhan sa may-ari, kaysa
maging huwad na diyos; mas mabuti pang ma-
ging pinto na nagtatanod sa nasa loob ng bahay,
o isang kahoy na haligi sa isang maharlikang
palasyo, kaysa maging huwad na diyos. 59 Nag-
lilingkod sa atin at sumusunod sa Diyos ang
araw, buwan at mga bituin na kumikislap 60 Ga-
yundin ang kidlat na magandang panoorin, at
ang hanging umiihip sa lahat ng lugar, 61 at ang
mga ulap na dumaraan sa buong lupain sa utos
ng Diyos, at ang apoy na galing sa kaitaasan

upang tupukin ang kabundukan at kagubatan.
62 Ngunit hindi maihahambing sa kagandahan at
sa kapangyarihan ng mga ito ang mga bagay na
iyong yari sa kahoy. 63 Kaya't hindi dapat pani-
walaan o sabihin na sila ay mga diyos, yamang
wala silang kapangyarihang maggawad ng ka-
tarungan o magbigay ng kabutihan sa sang-
katauhan. 64 Yamang alam ninyo na hindi sila
diyos, huwag kayong matakot sa kanila.

65 Hindi nila maisumpa o mapagpala ang
mga hari. 66 Hindi maipakita sa mga bansa ang
mga palatandaan sa kalangitan. Hindi sila ma-
kasikat tulad ng araw o makapagbigay ng liwa-
nag tulad ng buwan. 67 Mas may kabuluhan pa
ang mga hayop na nakapangangalaga sa sarili
sa pamamagitan ng pagtakas o pangangan-
long. 68 Anupa't hindi mapatunayan sa atin, sa
anumang paraan, na sila'y diyos; dahil dito,
huwag kayong matakot sa kanila.

69 Sapagkat tulad sa panakot sa ibon sa tani-
man ng milon, walang napangangalagaan ang
mga diyus-diyusang ito na yari sa kahoy at
tubog sa pilak at ginto. 70 Maihahambing ang
mga kahoy na diyus-diyusang ito sa isang mati-
nik na puno sa halamanan na maaaring dapuan
ng alinmang ibon, o sa isang bangkay na itina-
pon sa isang madilim na lugar. 71 Makikilala
ninyo sa suot nilang kulay-ube na nabubulok na,
na hindi sila diyos. Sa wakas, kinakain sila ng
anay at nagiging kahihiyan sa kanilang bansa.
72 Mas mabuti pa ang isang matuwid na tao na
walang diyus-diyusan, hindi siya mapapahiya.